Ang REBOLUSYONARYONG

# LUNAS

*Ang Opisyal na Pahayagan ng Makabayang Samahang Pangkalusugan - National Democratic Front of the Philippines (MSP - NDFP)*

Ispesyal Isyu | 2025

# MULA ILOG NG JORDAN HANGGANG DAGAT NG MEDITERRANEAN, LALAYA ANG PALESTINA!



Larawan mula sa UNDP

# LABANAN ANG HENOSIDYO SA PALESTINE NG ZIONISTANG ISRAEL-US!
# IBAGSAK ANG IMPERYALISMO!

Magdadalawang taon na mula nang sinimulan ng Zionistang estado ng Israel ang walang-habas na pambobomba, paglusob at pananakop sa Gaza Strip, lupain ng Palestine noong Oktubre 7, 2023. Sa suporta ng imperyalismong US, pinaigting ng mga pwersang Zionista ang gerang henosidyo laban sa mga Palestino, gamit ang tone-toneladang bomba para pulbusin ang Gaza at buong Palestine. Kamakailan lamang nitong Agosto, nagsagawa ng airstrike ang Israel sa compound ng Al Shifa Hospital sa Gaza City na kumitil sa buhay ng pitong journalists.

Isang napakalupit at nakaririmarim na krimen ng henosidyo ang ginagawa ng Zionistang Israel na pinopondohan at sinusuportahan ng mga ganid na imperyalistang bansa sa pangunguna ng Estados Unidos sa mamamayang Palestino. Sang-ayon kay Navi Pillay, sa Chair ng UN Commission on Inquiry, ang inilulunsad na digma ng Israel sa Gaza – ang maramihang pagpatay, pag-atake sa mga mahahalagang imprastruktura, kagutuman, pag-displace at pagkakait ng pangangalagang medical ay tumutugon sa legal na depinisyon ng pinakamalalang krimen sa kasaysayan – ang henosidyo.

Sadyang tinatarget ng pambombomba ang mga gusaling pangnegosyo at paninirahan, ospital, eskwelahan, mga planta ng kuryente, sistema ng patubig, mga kalsada at iba pa.

Sang-ayon sa Al Jazeera, nitong Setyember 15, 2025, hindi bababa sa 64,871 katao ang namatay at 164,610 na katao ang nasugatan, kalakhan ay mga bata at kababaihan sa paulit-ulit na pagmasaker sa buu-buong pamilya at komunidad. Halos kalahati na o 2.3 milyong Palestino mula 5.58 milyon na populasyon ng Palestine na ang napalayas mula sa kanilang lugar sa loob ng mahigit na 23 buwang pag-atake ng Israel.

Walang anumang balak ang ganid na US-backed-Zionist Israel na ihinto ang henosidyo nito sa Palestine. Ang US-backed na panukala sa ceasefire at ang pagbisita sa US ng president ng Israel na si Benjamin Netanyahu nitong Hulyo 2025 ay naglalaman ng buktot na kuntsabahan upang agawin ang mga lupa at yaman ng Palestine at pwersahang palayasin ang mga Palestino sa kanilang lupain. Ang Zionistang estado ng Israel ay lubos na sinusuportahan ng US at mga kaalyadong imperyalistang bansa. Dagdag sa taunang ayudang $3.8 bilyon, nagbigay ang US ng hindi bababa sa $12.5 bilyong ayudang militar mula Oktubre 2023 sa anyo ng mahigit 10,000 toneladang mga bomba na ginamit sa maramihang pagpatay sa mamamayang Palestino.

Nitong Hulyo 1, 2025, naglabas ang UN Special Rapporteur para sa Occupied Palestine na si Francesca Albanese ng listahan ng 48 malalaking negosyo na sumusuporta at nakikinabang sa pag-atake ng Israel sa Palestine. Kinopo ng mga malalaking imperyalistang korporasyon sa pangunguna ng US ang negosyong militar, teknolohiya, elektrisidad, settlement expansion at agrikultura. (tingnan ang chart).

Sang-ayon kay Special Rapporteur Albanese,



Larawan mula sa CNN

**“Ang mga kumpanyang ito ay hindi na lamang nasasangkot sa ekonomya ng okupasyon, maaaring sila ay nakabaon na sa ekonomiya ng henosidyo”**

(*“Companies are no longer implicated in occupation, they may be embedded in an economy of genocide”*). Sang-ayon pa rin sa natuklasan ng ulat, ang malaking kinikita ng mga korporasyong ito ang maliwanag na nagpapatunay kung bakit nagpapatuloy ang henosidyo ng Israel sa Palestine.

Taglay ang suporta ng US, pinatindi pa ng Israel ang digmaan sa Middle East sa pamamagitan ng pag-atake sa Lebanon, Yemen, Syria at Iran, na pawang mahigpit na sumusuporta sa paglaban ng mamamayang Palestino sa henosidyo ng Israel. Noong nakaraang taon, ang pagpapasabog ng mga misayl ng Israel sa Lebanon ay pumaslang sa mahigit 500 sibilyan, kasabay ng asasinasyon sa ilang lider ng kilusang Hezbollah. Bilang proxy ng US, nais ng Israel na udyukin ang mas malawak na digmaan sa Middle East, na tumatarget sa mga bansang matatag na nagtatanggol sa kanilang soberanya, lalo na ang Iran, na hayagang idineklara ng US na kaaway nito.

Sa ilalim ng code name Operation Midnight Hammer na bahagi ng Iran-Israel War, binomba ng US noong Hunyo 22, 2025 ang 3 nuclear sites ng Iran – ang Fordow Uranium Enrichment Plan, Natanz Nuclear Facility at ang Isfahan Nuclear Technology Center. Bilang ganti, inatake naman ng Iran ang base ng US sa Qatar nang sumunod na araw ng Hunyo 23.



Paulit-ulit ang pag- atake at pagpapatindi ng tunggalian na ginagawa ng US-supported na Israel. Ang layunin ng mga pag-atakeng ito ay udyukin ang mas malaking paghihiganti ng Iran at Lebanon. Inaasahan ng Israel na magdulot ng mas malawak na tunggalian sa Middle East, upang bigyang daan ang mas matinding panghihimasok militar ng US at pag- atake sa ngalan ng napakalaking kita sa pandirigma sa mga bansang lumalaban sa Zionismo ng Israel at hegemonismo ng US sa Middle East.

Mahigpit na kinukondena ng Makabayang Samahang Pangkalusugan (MSP) ang henosidyo at krimen laban sa sangkatuhan ng rehimeng US-Israel. Lalo’t higit na mariing kinokondena ng MSP ang karumal-dumal na paglabag ng US-Israel sa Internasyunal na Makataong Batas (International Humanitarian Law). Walang kapatawaran ang pagpapasabog ng mga ospital na kumitil sa buhay ng mga doktor at manggagawang pangkalusugan sa Palestine.

Kahit dapat sana ay protektado sa ilalim ng mga internasyunal na batas, ang mga manggagawang pangkalusugan sa Palestine ay kinikitil sa mismong paningin ng buong mundo. Sang-ayon sa ulat ng Medical Aid for Palestenians (MAP) noong Mayo 2025, hindi bababa sa 1,400 na manggagawang pangkalusugan ay napatay ng mga atakeng militar ng Israel. Ang mga doktor, nurse, paramedic at mga siruhano (surgeons) ay namatay sa mga binombang ospital, nalibing sa mga guho o sinadyang targetin sa mga malinaw na markadong sasakyan ng ambulansya.

Ang mga atakeng militar ng Israel ay pwersahang nagpasara sa isang katlong bahagi ng mga ospital sa Gaza samantalang mahigit sa kalahati ng gumagana pang mga ospital ay nasa mga lugar na nasa ilalim ng kautusan sa pwersahang pagpapalikas. Buu-buong departamento ng mga ospital ay naging mga batong gumuho. Ang mga pasyente, kabilang ang mga batang may malubhang sakit ay pwersadong mapunta sa mga



Larawan mula sa Al Jazeera

lansangan. habang mga manggagawang pangkalusugan – ang huling natitirang tagapagligtas ng buhay ng mga Palestino ay dinudukot, kinukulong at pinapatay.

Mas malala pa, sang-ayon sa ulat ng Palestinian Health Ministry nitong Setyembre 14, 2025, umabot na sa 422 ang mga Palestino, kabilang ang 124 bata ang namatay sa matinding pagkagutom. Habang binabarahan ang pagpasok ng tulong sa pagkain (food relief) ng mga ahensya ng United Nation at international humanitarian organizations, Lubhang kamuhi-muhi ang humanitarian food trap na isinasagawa ng Isreal-led Gaza Humanitarian Fund kung saan ang gutom na gutom nang Palestino na humihingi ng ayuda sa pagkain ay pinapatay. Sang-ayon sa ulat, 743 nang Palestino ang pinatay habang marami pa ang hindi nakikita (missing).
NAGPUPUGAY ang MSP sa patuloy na magiting na paglaban ng mamamayang Palestino laban sa tumitinding pang-aapi at pampulitikang panunupil ng Zionistang Israel-US at sa kanilang makasaysayang patuloy at determinadong pakikibaka para sa pambansang pagpapalaya at karapatan sa sariling pagpapasya.

Sa harap ng dinaranas na pambansang pang-aapi ng mamamayang Palestino, may angking silang karapatan na humawak ng sandata at bagtasin ang landas ng armadong paglaban, na kasalukuyan nilang isinusulong. Kailangan nilang mag-armas upang labanan ang armadong panunupil sa kanila ng napakabangis na sabwatan ng US-Israel. Kung hindi sila maglulunsad ng armadong pakikibaka, habampanahon silang mananatiling bilanggo sa sarili nilang lupa.

Isang napakahalagang internasyunal na tungkulin na isanib ng MSP kasama ng iba't ibang rebolusyonaryong organisasyon at ng buong rebolusyonaryong kilusan na suportahan ang paglaban ng mamamayang Palestino sa pamamagitan ng pagbibigay ng matinding bigwas sa pinakamalakas na kakampi ng Israel at numero unong kaaway ng mga mamamayan sa buong daigdig – ang imperyalismong Estados Unidos at sa lokal na papet nitong rehimeng Marcos . Mahigpit na nakaugnay ang pakikibaka ng mamamayang Palestino sa pakikibaka ng sambayanang Pilipino, ng lahat ng aping mamamayan at mga bansang nagtatanggol sa pambansang kasarinlan laban sa imperyalistang panghihimasok at mga digmaan.

**Ang tagumpay ng mamamayang Palestino, ay tagumpay ng lahat ng aping mamamayan sa buong mundo.**

Buong lakas na isasanib ng MSP ang kanyang boses at lakas sa paglaban ng mga mamamayan sa buong daigdig na milyun-milyong humuhugos sa kalsada kabilang na ang mismong mga mamamayan ng Israel upang suportahan ang mamamayang Palestino at labanan ang ganid na sabwatang US-Israel.

**Mabuhay ang rebolusyonaryong paglaban ng mamamayang Palestino!**

**Biguin ang henosidyo ng Zionistang US-Israel! Ibagsak ang imperyalismo! Ibagsak ang Zionistang US-Israel!**

# MGA KUMPANYANG SUMUSUPORTA SA ZIONISTANG ISRAEL

Mula sa ulat ni UN Special Rapporteur Francesca Albanese

**MILITAR**

FANUC
LEONARDO
LOCKHEED MARTIN

**EKSPANSYONG SETELMENT**

airbnb
Booking.com
CAT®
HD
RADA™
VOLVO
Volvo Group

**TEKNOLOHIYA**

Alphabet
amazon
IBM®
Microsoft
Palantir

**ELEKTRISIDAD**

bp
Chevron
DRUMMOND ENERGY, INC.
GLENCORE

**AGRIKULTURA**

BARCLAYS
BNP PARIBAS
orbia

Larawan mula sa Al Jazeera

# Mula Ilog hanggang Dagat, Lalaya ang Palestine!

Ang pakikibaka ng mamamayang Palestino laban sa Zionismo at Imperyalismo



Larawan mula sa Al Jazeera Centre for Studies

Noong Oktubre 7, 2023, nagsagawa ng operasyong militar ang Izz Al-Din Al-Qassan Brigades, ang ang armadong bisig ng grupong Hamas, laban sa mga base militar at pasilidad ng Israel Defence Forces o IDF na umookupa sa Gaza Strip at pagkuha sa mga bihag nito. Tinaguriang Operation Al-Aqsa Flood, ito ay pag-aalsa ng mamayang Palestino laban sa okupasyon ng Zionistang Israel sa Gaza Strip at Occupied West Bank.

Ngunit kasunod nito ay ang mga matitinding operasyong militar ng IDF sa Gaza Strip at sa Occupied West Bank na naglalayong supilin ang armadong pakikibaka ng mamayang Palestino at sapilitang paalisin ang mga Palestino sa kanilang tirahan at lupain. Walang habas na pambobomba, paglusob at pananakop sa Gaza Strip ang ginawa ng IDF, pati mga ospital at paaralan ay sinira ng mga aerial bomb strikes para lalong mapaalis at mawala ang mga Palestino sa Gaza. Nasa 64,368 tao ang namatay, kabilang ang 28,165 kababaihan at mga bata, dahil sa sistematikong pambobomba sa kanilang mga komunidad. Halos 2.1 milyon ang napalayas sa kanilang mga tirahan sa Gaza at nakararanas ng matinding kagutuman at sakit dulot ng pagkontrol ng Zionistang Israel sa pagpasok ng mga ayudang pagkain at gamot mula sa UN at iba pang international humanitarian organizations na limitado lamang ang pinapapasok. Isang henosidyo ang ginagawa ng Zionistang Israel, na sinusuportahan ng Imperyalistang US at mga kaalyado nito, laban sa mamamayang Palestino.

Ang armadong pakikibaka ng mga Palestino ay hindi nagsimula noong Oktubre 7, 2023. Ito ay nagsimula nang sakupin ng mga Zionista, na may suporta mula sa Imperyalistang US at mga kaalyado nito, ang Palestine at itinatag ang estado ng Israel.



Larawan mula sa Manara Magazine

# Kasaysayan ng Palestine

Sa loob ng 400 taon, ang Palestine ay bahagi ng teritoryo ng Ottoman Empire mula ika-16 hanggang ika-20 na siglo kung saan ang mga Hudyo, mga Kristyano at mga Muslim ay payapang namumuhay.

Umusbong naman ang Zionismo noong katapusan ng ika-19 siglo. Ito ay isang ideolohiya at pampulitikang kilusan na naglalayong isulong ang pagtatatag ng isang bansa ng mga Hudyo sa Palestine na nakabatay sa Judaismo, isang relihiyon ng mga Hudyo. Si Theodor Herzl, isang hudyo at ama ng Zionismo, ay naglunsad ng unang pandaigdigang kongreso ng mga Zionista sa Basel, Switzerland noong 1897 kung saan inilahad ang proyektong kolonyal nito para sa pagtatatag ng estado para sa mga Hudyo sa Palestine. Ang proyektong ito ay inaprubahan at tinawag na Basel Declaration.

Matapos manalo ang Allied Powers (France, UK, US, Russia, Italy, Japan) laban sa Central Powers (Germany, Austria-Hungary, Ottoman Empire) sa Unang Digmaang Pandaigdig noong 1918, pinaghatihatian ng mga imperyalistang bansa ang teritoryo ng Ottoman Empire kasama ang Palestine. Nagkaroon na din mga sikretong kasunduan noong panahong ng unang digmaan para hatiin ang Palestine, ito ay:

1. **Arab-Macmahon-Hussein Correspondence (1915 – 1916)** – kung saan ang UK ay kikilalanin ang kalayaan ng mga Arab sa isang malaking rehiyon bilang kapalit sa pag-aalsa nito laban sa Ottoman Empire

2. **Sykes-Picot Agreement (1916) –** kung saan ang UK at France ay may kanya-kanyang spheres of influence at kontrol sa Kanlurang Asya.

3. **Balfour Declaration (1917)** – isinasaad sa deklarasyong ito na ang Palestine ay magiging “pambansang tahanan para sa mga Hudyo”. Ito ay isang sulat mula kay Arthur James Balfour, isang Foreign Secretary ng UK para kay Baron Rothschild, isang mayaman at prominenteng lider sa komunidad ng mga British-Jew.



Para resolbahin ang pagmamayari ng Palestine, itinatag ng League of Nations (isang institusyong nauna sa United Nations) noong 1920 ang Mandatory Palestine sa ilalim ng pangangasiwa ng UK, na may probisyong alinsunod sa Balfour Declaration.

Dahil dito ay umusbong ang mga pag-aalsa ng mamamayang Palestino o The Great Arab/Palestinian Revolt noong 1936 laban sa administrasyon ng UK. Inilalaban ng mamamayang Palestino ang kanilang kalayaan mula sa UK at tapusin ang open-ended na migrasyon ng mga Hudyo at marahas na pagkamkam ng mga lupain sa Palestine. Naglunsad ng armadong pakikidigma ang mga Palestino laban sa kolonyal na pwersa ng UK at mga Zionista ngunit nasupil ito hanggang sa pagkatalo noong 1939.

Sinamantala ng mga elitistang Hudyo at Zionista ang trauma ng mayorya ng mga Hudyo sa naganap na Holocaust o henosidyo ng mga europeyong Hudyo ng Nazi Germany sa pangunguna ni Adolf Hitler noong Ikalawang Digmaang Pandaigdig para bigyang-katwiran nito ang pagtatayo ng estado ng mga Hudyo sa Palestine. Nag-lunsad ng mga pag-aalsa ang mga Zionista sa loob ng Mandatory Palestine mula 1944 hanggang 1948 para palayasin ang kolonyang pwersa ng UK at ang lahat ng hindi Hudyo para maitayo ang estado ng Israel.

Noong 1947, ibinigay na ng UK ang kontrol nito sa Palestine sa bagong tatag na United Nations. Inaprubahan ng UN ang Partition Plan kung saan hahatiin ang Palestine sa dalawa: isang estado ng mga Palestino at isang estado ng mga Hudyo, ngunit hindi ito tinanggap ng mamamayang Palestino dahil pagkakaitan sila ng pagkukunan ng likas na yaman at akses sa mga makasaysayang lungsod.

> **“People always create their freedom with their own hands. Today, the Palestinian people have decided to create their freedom and write the future of children by their own hands.”**
>
> **Dahoud Shebab**
> *Spokesperson of the Islamic Jihad in Gaza*
> 2023 Liberation


Larawan mula sa Al Jazeera

# Al Nakba at Al Naksa

Itinatag ng mga Zionista noong May 15, 1948 ang estado ng Israel at inokupa ang mga teritoryo ng Palestine labas sa pinagkasunduan sa UN Partition Plan. Sa pagkamkam ng Zionistang Israel sa teritoryo ng Palestine, pwersahang pinaalis ang mahigit sa 750,000 Palestino sa kanilang mga tahanan, pagkamkam ng mga kabahayan at lupain, pagmasaker sa 15,000 Palestino, pagkasira ng higit sa 530 na komunidad dulot ng okupasyon at kampanyang teror ng mga Zionista, pagpapatupad ng polisiyang segregation kung saan hinihiwalay ang mga hindi Hudyo sa mga Hudyo at diskriminasyon sa mamamayang Palestino. Mahigit 78% ng teritoryo ng Palestine ang inangkin ng Zionistang Israel. Tinawag ito ng mga Palestino bilang Al Nakba o Ang Sakuna.

Hindi natigil ang Zionistang Israel sa pagkolonisa nito sa Palestine, noong 1967 ay nangyari ang Al Naksa or Ang Pag-atras. Sinakop nito ang West Bank at Gaza Strip (ang West Bank ay nasa pangangasiwa ng Jordan at ang Gaza Strip naman sa Egypt) bilang parte ng teritoryo nito. Hanggang ngayon ay nagpapatuloy ang militarisasyon at okupasyon ng IDF sa West Bank at Gaza Strip.

Malaki ang papel ng mga imperyalismong bansa tulad ng US sa pagtatatag ng estado ng Israel sa Palestine. Layunin nito na magkaroon ng isang papet na rehimen sa Gitnang Silangan upang mapadali ang paghuthot at pagnakaw nito ng mga likas na yaman at hilaw na materyales tulad na lamang ng langis. Kaya gayun na lamang ang todong suportang ibinibigay nito lalo na ng US sa Israel. Mula 1946 hanggang 2024, nasa USD 310 bilyon (PHP 17.6 bilyon) ang ibinigay na economic at military aid ng US sa Israel, o humigit kumulang na USD 3.9 bilyon (PHP 221.6 bilyon) kada taon.


Larawan mula sa Palestinian Center for Human Rights

# Tungo sa Pambansang Pagpapalaya

Mula noong 1936, patuloy ang pakikibaka ng mga Palestino para sa pambansang pagpapalaya, armado man o hindi armado. Nagkaroon ng dalawang Intifada o pag-aklas noong 1987 at 2000 upang labanan ang okupasyon ng Israel sa Gaza at West Bank at palayasin ang mga setler sa teritoryo ng Palestine.

Dahil sa pitong dekadang kampanyang teror ng Zionistang Israel laban sa mamamayang Palestino, umusbong ang mga organisasyon at kilusan para sa pambansang pagpapalaya tulad ng Hamas, Popular Front for the Liberation of Palestine (PFLP), Democratic Front for the Liberation of Palestine (DFLP), Popular Struggle Front, Palestinian Liberation Front, Vanguard for the Popular Liberation War-Lightning Forces, Fatah Al-Intifada Movement, at Islamic Jihad, na naglulunsad ng armadong pakikibaka laban sa Zionistang Israel at Imperyalismong US.

Lumalawak ang suporta para sa pakikibaka ng mga Palestino mula sa mamamayan ng iba't ibang bansa, milyun-milyon ang nagpoprotesta para itigil ang henosidyo at pagpapalaya ng Palestine mula sa Zionistang Israel. Unti-unting nalalantad sa buong mundo ang ginagawang henosidyo ng Zionistang Israel sa mamamayang Palestino at ang pagsuporta ng mga imperyalistang bansa dito.

**"Palestine, the fight to free Palestine, is at the very heart of the global battle between oppressed and oppressor, between imperialist monopoly capital and the people of the world."**

\- Prof. Jose Maria Sison, 2012

# Makatarungan ang Maghimagsik!

Ang armadong pakikibaka ng mamamayang Palestino ay makatarungan. Ito ang sagot sa pitong dekadang karahasan at opresyon ng Zionistang Israel habang umaani ng napakalaking suporta mula sa Impreyalistang US at mga alyado nito. Sa pagtatagumpay lamang ng armadong pakikibaka makakamit ang pambansang pagpapalaya ng Palestine.

Wala itong pinag-iba sa pakikibaka ng sambayanang Pilipino laban sa reaksunaryong gubyerno ni Marcos Jr. at ng Imperyalistang US, na patuloy sa pagsasamantala, pagyurak sa karapatang pantao, at pagkamkam ng likas na yaman para sa pansariling interes. Sa pagtatagumpay lamang ng demokratikong rebolusyong bayan, na may sosyalistang perspektiba, ng sambayanang Pilipino makakamit ang tunay na pagbabago.




Larawan mula sa CNN

# MAIKLING KASAYSAYAN NG PALESTINE



Larawan mula sa Kinnu

## Ika-16 hanggang 20 siglo


Teritoryo ng Imperyong Ottoman ang Palestine kung saan payapang namumuhay ang mga Hudyo, Kristiyano, at mga Muslim



Larawan mula sa Swissinfo

## 29–31 August 1897


Ginanap ang Unang Zionistang Kongreso sa Basel, Switzerlan. Naitayo ang World Zionist Organization at naaprubahan ang Basel Declaration



Larawan mula sa History

## 1917 - 1922

Natalo ang Imperyong Ottoman sa Unang Digmaang Pandaigdig kung saan napunta ang mga bansang sakop nito, kabilang ang Palestine, pangunahin sa United Kingdom



Larawan mula sa PICRYL

## 1918

Umusbong ang nasyunalismo sa mga Palestino at nagnanais na ng paglaya ang mga Hudyo at Arabo mula sa Imperyong Ottoman



Larawan mula sa Britannica

## 1920

Itinatag ng League of Nations, sa pamumuno ng United Kingdom ang Mandatory Palestine kung saan sinasabing bayan ito ng mga Hudyo; naging British Mandate ang Palestine



Larawan mula sa Unpacked

## 1936 - 1939

**The Great Arab Revolt:** Nag-alsa ang mga Palestino sa Mandatory Palestine laban sa Britanya para sa kalayaan mula rito at itigil ang imigrasyon ng mga Hudyo at  ang pagbili ng lupa nito



Larawan mula sa Center for the Humanities

## 1947

Sumuko ang Britanya at iniwan sa United Nations ang isyu ng lupain ng Palestine; inihain ng UN ang paghahati ng Palestine sa estadong Arabo at estadong Hudyo na lubhang tinutulan ng mga Palestino



Larawan mula sa The Guardian

## 1948


Itinayo ang estado ng Israel at kumuha ito ng mga teritoryo labas sa planong paghahati ng UN



Larawan mula sa Palestinian Center for Human Rights

## 1948

**Nakba:** Sapilitang pinalayas ng Zionistang Israel ang mga Palestino sa kanilang mga kabahayan; tinatayang 750,000 Palestino ang pinaalis



Larawan mula sa Red Flag

## 1987 - 1993

**Unang Intifada:** Isang pag-aalsa matapos ang pagbangga ng sasakyan ng Israel na nagresulta sa pagkasawi ng apat na Palestino



Larawan mula sa Frontlines of Revolutionary Struggles

## 2000

**Ikalawang Intifada:** Nagsimula matapos ang mapanuksong pagbisita ni Ariel Sharon sa moske ng Al Aksa kasama ang maraming pwersang ipinakalat sa loob at labas ng Herusalem



Larawan mula sa Arab News

## 2023

**Operation al-Aqsa Flood:** Operasyong militar ng Hamas laban sa base militar at pasilidad ng Zionistang Israeli Defense Forces at sa paglaban sa pananakop sa Gaza at West Bank